

Maikling Impormasyon sa Ordinaryong Halalang ng Pandistritong Konseho 2019

Gabay sa Halalan

Petsa at Oras ng Pagboto

- Araw ng Botohan: Ika-24 ng Nobyembre 2019 (Linggo)
- Oras ng Botohan: 7:30 a.m. - 10:30 p.m. (maliban sa mga itinalagang mga istasyon ng botohan na matatagpuan sa mga bilangguan kung saan ang mga oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

Panahon ng Nominasyon

- Panahon ng nominasyon sa kandidatura: Ika-4 hanggang ika-17 ng Oktubre 2019
- Maaaring ma-download ang mga form ng nominasyon mula sa website (www.reo.gov.hk) ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan (“REO”), o makukuha sa mga sumusunod na mga tanggapan:
 - (a) Mga Pandistritong Tanggapan
 - (b) Tanggapan ng mga Returning Officer
 - (c) Mga tanggapan ng REO (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)

Sino ang maaaring Bumoto?

- Lahat ng permanenteng residente ng Hong Kong na may edad 18 pataas na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ay karapat-dapat magpaparehistro bilang mga botante.

- Ang mga rehistradong botante na ang mga pangalan ay isinama sa Huling Talaan ng mga Manghahalal para sa Mga Heograpikal na Konstituwensya na nailathala noong Setyembre 2019 ay maaaring bumoto sa halalan.

Bakit Boboto?

- Upang maghalal ng isang miyembro ng Pandistritong Konseho na maaaring kumatawan sa iyong mga interes at payuhan ang Pamahalaan sa mga pandistritong gawain.
- Upang magamit ang iyong mga sibikong karapatan at matupad ang iyong mga sibikong responsibilidad.

Sistema ng Pagboto

- Ang bawat botante ay dapat bumoto para sa isang kandidato sa kani-kanilang nasasakupan. Ang kandidato na nakatanggap ng pinakamalaking bilang ng mga balidong boto sa nasasakupan ay mahahalal.

Saan Boboto?

- Ang bawat botante ay ilalagay sa isang nakatalagang istasyon ng botohan na malapit sa kanyang tirahan na nakarehistro sa Huling Talaan ng mga Manghahalal hanggang sa kayang maabot.
- Ang mga botante na nasa kustodiya ay itatalaga upang bumoto sa mga nakatalagang istasyon ng botohan sa mga bilangguan o mga istasyon ng pulisya kung naaangkop.
- Isang tarheta sa pagboto na nagpapakita ng nakatalagang istasyon ng botohan ng isang indibidwal na botante ang ibibigay sa bawat botante hindi lampa sa 10 araw bago dumating ang araw ng botohan.

- Kung ang istasyon ng botohan na itinalaga sa isang botante ay maaaring magamit ng mga botanteng may mga espesyal na pangangailangan (mga taong gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa pagkilos) ay itutukoy sa mapa na kalakip ng tarheta sa pagboto. Kung ang nakatalagang istasyon ng botohan ay hindi madaling puntahan, ang mga botante ito ay maaaring mag-aplay sa REO para bumoto sa isang nakatalagang espesyal na istasyon ng botohan na nararating ng mga gumagamit ng wheelchair o sa pamamagitan ng fax (2891 1180), sa email (reoenq@reo.gov.hk), sa telepono (2891 1001) o sa koreo (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong) na hindi lalampas ng ika-19 ng Nobyembre 2019 (Martes).

Paano Bumoto?

- Dalhin ang orihinal na kopya ng iyong Hong Kong Identity Card (“HKID”) o ibang tinukoy na alternatibong (mga) dokumento (mangyaring sumangguni sa seksyon ng “(mga) Kailangang Dokumento para sa Pagkuha ng Balota” na nasa ibaba para sa mga detalye) sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan sa ika-24 ng Nobyembre 2019 (Linggo) sa oras ng botohan (7:30 a.m. hanggang 10:30 p.m.).
- Ipakita ang orihinal na HKID o iba pang mga tinukoy na alternatibong (mga) dokumento sa mga kawani ng botohan sa loob ng istasyon ng botohan na magpapatunay sa iyong impormasyon na nasa Huling Talaan ng Mga Rehistradong Botante.
- Ikaw ay bibigyan ng isang balota at isang cardboard na may kasamang pantatak na "✓" (kudlit).
- Dapat mong markahan ang iyong balota sa loob ng isang silid ng botohan. Mangyaring sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng mga kawani ng botohan pati na rin ang mga nakalimbag sa balota at mga paunawa sa loob ng silid ng botohan.
- Dapat mong gamitin ang pantatak na nakalakip sa cardboard upang magtatak ng "✓" (kudlit) sa balota sa bilog na katapat ng pangalan ng napili mong kandidato.

- Pagkatapos markahan ang balota, mangyaring tiklupin ng isang beses ang balota upang ang markadong bahagi ay nasa loob upang maikubli ang "✓" (kudlit) bago ito ilagay sa kahon ng balota.

Mga Paalala:

- (a) Bumoto sa ISANG kandidato lamang sa balota.
 - (b) Dapat mong gamitin ang pantatak na ibinigay. HUWAG gumamit ng panulat o anumang iba pang paraan upang markahan o baguhin ang iyong balota. Magiging imbalido ang iyong boto.
 - (c) Kung nagkamali ka sa pagtatak sa isang balota o nasira ang isang balota, maaari mong ibalik ito sa Namamahalang Opisyal at humiling ng kapalit.
- Kung ang botante ay mangangailangan ng tulong sa pagsasalin sa impormasyon ng pagboto, maaari silang tumawag sa Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline simula ika-11 hanggang ika-15 ng Nobyembre 2019 at mula ika-18 hanggang ika-24 ng Nobyembre 2019.

Wika	Numero ng Hotline.
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi	3755 6877
Nepali	3755 6822
Punjabi	3755 6844
Tagalog	3755 6855
Thai	3755 6866
Urdu	3755 6833

(Mga) Kailangang Dokumento para sa Pagkolekta ng Balota

- May bisa mula ika-10 ng Disyembre 2018, ang isang tao na nag-aplay para sa isang balota ay dapat ipakita ang kanyang orihinal na Hong Kong Identity Card ("HKID kard") o ang mga sumusunod na tinukoy na alternatibong (mga) dokumento:

- (a) ang orihinal na may bisang Pasaporte ng Hong Kong Special Administrative Region (“HKSAR”); o
 - (b) ang orihinal na Sertipiko ng Iksemsyon; o
 - (c) ang orihinal na kumpirmasyon ng aplikasyon para sa HKID card; o
 - (d) ang orihinal na may bisa na aklat ng pagkakakilanlan ng marinero; o
 - (e) ang orihinal na may bisa na dokumento ng pagkakakilalan para sa visa; o
 - (f) isang dokumento na nagpapatunay ng pagbibigay-alam sa pulis ng pagkawala o pagkasira ng HKID card o Sertipiko ng Iksemsyon o kumpirmasyon ng aplikasyon para sa HKID card (mas kilala sa tawag na “memo of lost property”), kasama ang orihinal na may bisa na pasaporte o katulad na dokumento ng paglalakbay (hal. isang pasaporte (maliban sa pasaporte ng HKSAR o ang Home Return Permit) na nagpapakita ng kaniyang pangalan at larawan.
- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Seksyon 53 ng Alituntunin ng Komisyong Panghalalan (Pamamaraang Panghalalan) (Mga Pandistritong Konseho) (Cap. 541F).

Talang-gabay sa mga Botante

- Ang mga sumusunod na mga asal ay ipinagbabawal:
 - (a) Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato.
 - (b) Mag-alok ng anumang kapakinabangan, pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat or gantimpala upang hindi bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato.

- (c) Gumamit o magbanta na gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o hindi bumoto sa isang halalan, o bumoto o hindi bumoto para sa isang kandidato.
- (d) Bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito.
- (e) Bumoto sa isang halalan pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangang pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.
- (f) Makipag-usap sa ibang mga botante kabilang ang pagpapakita ng iyong boto sa balota sa iba o paggamit ng cellphone o anumang ibang kasangkapan para sa elektronikong komunikasyon sa loob ng isang istasyon ng botohan.
- (g) Mag-bidyó, kumuha ng larawan o gumawa ng anumang pag-rerekord ng tunog o bidyo sa loob ng isang istasyon ng botohan.
- (h) Hilingin sa ibang botante na markahan ang iyong balota – kung kinakailanga, maaari mong hilingin sa Namamahalang Opisyal na markahan ang iyong balota sa presensya ng opisyal ng halalan.
- (i) Mang-abala ng ibang botanteng bumuboto.

Malinis na Halalan

Ayon sa Ordinansa sa Halalan (Asal na Tiwali at Labag sa batas) (Cap 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang isang botante sa Hong Kong o sa ibang lugar ay HINDI DAPAT:

- humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato;

- mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat or gantimpala upang hindi bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato;
- gumamit o magbanta na gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o hindi bumoto sa isang halalan, o bumoto o hindi bumoto para sa isang na kandidato;
- bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito; o pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangang pagbibigay ng mali o nakalililang na impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.

Ang ICAC ay nagtayo ng Website sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Mangyaring puntahan ang www.icac.org.hk/elections.